NATIONAL ASSESSMENT FRAMEWORK FOR LANGUAGES AT SENIOR SECONDARY LEVEL

PUBLIC EXAMINATION

# 2000 FILIPINO

| | | |
|---|---|---|
| STUDENT / REGISTRATION NUMBER | | PAGES: 12 |
| CENTRE NUMBER | | |
| STATE / TERRITORY | | |

## EXTENDED LEVEL

## PAPER 2: PART A—WRITING IN FILIPINO<br>PART B—REORGANISING WRITTEN INFORMATION

**Tuesday 24 October**

**Time: 1 hour and 30 minutes**

*Approved English–Filipino/Filipino–English dictionaries or monolingual dictionaries may be used.*

**Instructions to Candidates**

1. Write all your responses to the tasks in Paper 2 in this booklet in ink or ball-point pen. Space is provided for you to make notes.
2. You are required to respond to both Part A and Part B.
3. Make sure that you write your Student/Registration Number, the State or Territory in which the examination is taken, and the Centre Number (if required) on the front cover of this booklet.
4. All question booklets will be collected at the end of the examination.
5. The assessment criteria for this paper are printed on the back page of this booklet.

*This examination is used for the WACE (Western Australia), the HSC (New South Wales), the TCE (Tasmania), the SACE (South Australia), the NTCE (Northern Territory), the Senior Certificate (Queensland), and the VCE (Victoria).*

**© Board of Studies NSW 2000**

## Part A—Writing in Filipino

Pumili ng ISA sa mga sumusunod na paksa at isulat ang sagot nang hindi kukulang sa 150–200 salita sa Filipino.

*Choose ONE of the following tasks and write approximately 150–200 words in Filipino.*

ALIN MAN SA SUMUSUNOD/*EITHER*

**1.** Ikaw ang naging tagapamahala sa pagtaguyod ng isang kapistahang Pilipino sa iyong lungsod.

Sumulat ka ng ulat para sa isang tagatangkilik tungkol sa mga tagumpay at kahirapan sa pagdaraos ng kapistahan. Isama mo rin ang mga pagbabagong binabalak.

O / *OR*

**2.** Kababalik mo lang pagkatapos ng limang araw mula sa isang kamp ng pangkabataang Pilipino.

Sa iyong dyornal, isulat mo ang mga kasiya-siyang pangyayari sa kamp, at kung bakit.

O / *OR*

**3.** Bilang pinunong mag-aaral, naatasan kang sumulat ng isang pansariling salaysay para sa isang magasin na ipamamahagi sa mga magsisimulang Year 7. Isalaysay mo ang iyong mga karanasan noong nag-simula ka sa haiskul.

O / *OR*

**4.** Kasali ka sa isang pandaigdig na komperensiya para sa kabataan.

Sumulat ng isang talumpati na naghahayag ng iyong magagawa para sa pagpapayaman ng lipunang multi-kultura ng Australya.

**Mga Tala / *Notes***

| Gawain Bilang: | *Task Number:* |
| --- | --- |

BLANK PAGE

**Please turn over**

## Part B—Reorganising Written Information

Mayroong tatlong akdang nagbibigay ng impormasyong nakasulat o nakalarawan. Batay lamang sa impormasyong ito, sagutin ang takdang gawain sa Filipino nang hindi kukulang sa 120–150 salita.

Isa kang Gurong Tagapayong Pang-Karera sa paaralan at ikaw ay naanyayahang magsalita sa isang "Careers Market".

Batay lamang sa impormasyong ibinigay sa tatlong akda, isulat mo ang iyong sasabihin sa mga mag-aaral na Year 12 tungkol sa impormasyong may kinalaman sa pagpili nila ng karera o trabaho na akma sa kanilang kakayahan.

*There are three items of written and visual information. Using* ***ONLY*** *information from the material provided, complete the task in 120–150 words in FILIPINO.*

*You are a Careers Adviser invited to be one of the speakers at a Careers Market.*

*Based ONLY on the three items of information provided, write your speech to be delivered to Year 12 students, giving them relevant information that can assist them in making suitable choices for their future careers or jobs.*

**Mga Tala /** ***Notes***

***TEXT 1***


TALAAN SA PAGTATRABAHO NG KABATAAN SA AUSTRALYA

| *INDUSTRIYA* | *MAYO 1991* | *AGOSTO 1998* |
|---|---|---|
| Pagbibilihan | 20·6 % | 20·7 % |
| Pananalapi, Pagnenegosyo | 11·6% | 14·4% |
| Paglilingkod Pang-komunidad | 16·4 % | 19·1 % |
| Paglilingkod, Panlibangan at Pansanti | 6·3 % | 7·9 % |
| Panunuluyan at Pang-kainan | 4·9 % | 7·9 % |

Sa talaang ito makikita ang pagtaas ng porsiyento ng mga kabataang mayroong trabaho sa mga pangunahing industriya.

***TEXT 2***

GRAP TUNGKOL SA KABATAAN SA AUSTRALYA, GULANG 15–19,
NA NAGHAHANAP NG MAPAPASUKANG TRABAHO




Makikita sa grap ang pag-iiba sa bilang ng mga kabataang gulang 15–19, na naghahanap ng trabaho. Upang malutas ang kawalan ng trabaho ng mga kabataan, masigasig na itinataguyod ng pamahalaan ang pagsasanay. Sa kapanahunan ngayon ang pinakamahirap na makakita ng trabaho ay ang mga taong walang natapos na pinag-aralan o walang gawaing pinagkasanayan.

*TEXT 3*

# Nasaan na sila ngayon?

NI **RUBY PERALTA**, YEAR 11
TAGAPAGBALITA, CENTRAL BAY HIGH SCHOOL TRUMPET

Naging kalugod-lugod na karanasan ang makipanayam sa mga dating estudyante ng Central Bay High School, at malaman kung anu-anong landas ang kanilang tinunguhan. May mga nagpatuloy ng kanilang pag-aaral sa iba't-ibang pamantasan, ang mga iba ay nagsipag-trabaho na, at ang mga iba naman ay nahirapan sa paghanap ng trabaho dahil sa wala silang napag-aralan.

Magkakaroon tayo ng palagiang panayam sa mga dating estudyante natin para malaman natin kung anu-anong nakasalalay para sa atin sa labas ng ating paaralan.

Sa isyu ng pahayagang ito, nakipanayam ako sa dalawang dating estudyante natin.

PANGALAN: **RYAN ZAMORA**, 20
TRABAHO: ALAHERO



Si Ryan Zamora ako. Huminto ako ng pag-aaral sa Central Bay High School noong ako'y Year 11 noong 1997.

Wala akong talagang tiyak na idea kung ano ang gusto kong gawin, bagama't gustong-gusto kong gumawa ng kung anu-ano sa pamamagitan ng mga metal at mga mamahaling bato. Ito ang aking libangan. Sa aking Year 10 Work Experience, naging masuwerte ako dahil nagtrabaho ako sa aking tiyong alahero, at doon ko nalaman na tunay na gusto kong lumikha ng mga pambihirang dibuho ng alahas. Ang aking pinakamasayang sandali ay noong pinili ng tiyo ko ang isa sa aking mga dibuho at ginawang isang modelong alahas. Napatunayan kong talagang gusto kong ipagpatuloy itong trabahong ito.

Kung minsan ay nakakaranas din ako ng kabiguan sa pagiging alahero, lalo na't kung nawawala o nahuhulog ang mga maliliit na bato at kailangan nang makuha ang alahas sa tiyak na panahon. Nguni't, naliligayahan naman ako kung nakikita ko ang mukha ng aking kliyente na puno ng paghanga at pagkamangha sa ganda ng kaniyang bagong alahas. Tunay na madyik. Ang paggawa ng alahas ay talagang nakakatuwa at nakakagantimpala sa kalooban. Natutuwa ako na ang aking libangan ay akin nang napapakinabangan.

Ang aking payo sa mga may gustong maging alahero ay maging mapagmasid sa mga bagong idea at dibuho dahil sa ang mga tao ay laging gustong maging kakaiba, at nais nilang magkaroon ng bago at pambihirang dibuho.

TEXT 3 (Continued)

PANGALAN: **LILLIAN PALMA**, 22
TRABAHO: INHINYERO

Ako si Lillian Palma. Nakatapos ako ng Year 12. Walong taon nang nakakaraan.



Pumasok ako sa pamantasan at nagpalista ako sa kurso ng inhinyero. Ang mga paborito kong asignatura ay Maths, Physics at Chemistry. Ang mga ito ay nakatulong sa aking kurso. Napansin kong marami akong babaeng kaklase sa kursong karamihan ay mga lalaki ang kumukuha.

Talagang nagtiyaga at naghirap ako noong ako'y estudyante ngunit natapos ko rin at ang kabutihan nito ay may gantimpala akong "Honours Degree".

Nag-aplay ako ng trahaho sa iba't-ibang kompaniya, konstraksyon, at konseho munisipal at sa ibang maliliit na kompaniya.

Pagkatapos ng mga pakikipanayam sa mga iba't-ibang manedyer, nakatanggap ako ng sagot sa isang kompaniya na inaplayan ko. Masuwerte naman ako at nakuha ko ang trabahong ito.

Ako ngayon ay nasa proyekto na gumagawa ng mga tulay sa mga lungsod at bayan at naglilibot ako na kasama ng mga nakakataas at may karanasan nang mga inhinyero. Gustong-gusto ko ang trabaho ko at masuwerte ako dahil mataas ang sahod pati. Ngunit alam ko na ang aking pagsisikap at pagsisigasig ay nakatulong sa aking kinaratnan.

# 2000 FILIPINO

## PAPER 2: PART A—WRITING IN FILIPINO
## PART B—REORGANISING WRITTEN INFORMATION

---

**PART A—ASSESSMENT CRITERIA**

- The capacity to deal with the chosen topic
  - † *Breadth of treatment*
  - † *Suitability of the writing for the topic and/or purpose*
  - † *Maintenance of reader's interest*
- Form and organisation
  - † *Observation of the conventions of the discourse form (style, sequencing, cultural appropriateness) and specifications regarding length*
  - † *Organisation of content*
- Clarity of expression
  - † *Control of the language required by the topics including accuracy in the use of linguistic elements*
- Variety and appropriateness of vocabulary and sentence structuring
  - † *Range of vocabulary*
  - † *Variety in sentence structure*
  - † *Appropriateness of vocabulary and sentence structure*

---

**PART B—ASSESSMENT CRITERIA**

- † *The capacity to select and use relevant information*
- Form and organisation
  - † *Observation of the conventions of the discourse form (format, style, cultural appropriateness)*
  - † *Linking of related ideas*
  - † *Organisation of information from sources into a meaningful sequence*
- Effective expression
  - † *Control of the language required to complete the task (appropriateness, clarity of expression including accuracy in the use of linguistic elements)*
  - † *Degree of independence from the wording of the original information*